Mensahe Apat

## Inihugpong tungo kay Kristo upang Maging Bahagi ng Puno ng Buhay

Babasahin sa Kasulatan: Gen. 2:9; 1 Cor. 6:17; Roma 11:17, 24; Juan 15:1, 4-5

**I. Inihahayag ng Biblia na ang kaugnayan na ninanais taglayin ng Diyos sa tao ay yaong Siya at ang tao ay maging isa—1 Cor. 6:17:**

A. Sa tuwing tayo ay dumudulog sa Biblia, kailangan nating ensayuhin ang isang prinsipyo—ang prisipyo na ninanais ng Diyos na maging kaisa sa Kanyang piniling bayan—Juan 14:20.

B. Ang pangunahing layunin ng Diyos ay ang gawin ang Kanyang sarili na kaisa ng tao at ang gawin ang tao na kaisa Niya—Efe. 4:4-6.

C. Ninanais ng Diyos na ang dibinong buhay at ang pantaong buhay ay maihugpong upang maging isang buhay.

D. Ang sentrong linya ng ekonomiya ng Diyos ay ang gawin ang Diyos at tao, ang tao at Diyos, na isang entidad, na ang dalawa ay nagtataglay ng isang pamumuhay sa pamamagitan ng isang buhay na kalakip ang isang kalikasan—Apoc. 22:17.

E. Sa Kanyang pagkakatawang-tao ay dinala ni Kristo ang Diyos tungo sa tao, at sa Kanyang pagkabuhay na muli ay dinala Niya ang tao tungo sa Diyos; sa pamamagitan nito, isinakatuparan Niya ang paghahalo ng Diyos at tao tungo sa kaisahan—Roma 8:3; 1:3-4:

1. Tayo ay nasa loob ni Kristo, at Siya ay nasa loob natin; Siya at tayo ay naging isang persona—1 Cor. 12:12.
2. Si Kristo ay naging tayo, at tayo ay naging Siya—Heb. 2:14, 11.

**II. Ang kaugnayan na ninanais taglayin ng Diyos sa tao ay yaong Siya at ang tao ay maihugpong at sa gayon ay maging isa sa isang organikong pakikipag-isa—Roma 6:3-5; Juan 15:4-5:**

A. Ang pinaghugpong na buhay ay hindi isang pinagpalit na buhay—ito ay ang paghahalo ng pantaong buhay sa dibinong buhay—1 Cor. 6:17.

B. Sa paghuhugpong, ang dalawang magkatulad na buhay ay pinagsasama at pagkatapos ay organikong lumalagong magkasama—Roma 11:24:

1. Dahil ang ating pantaong buhay ay ginawa sa larawan ng Diyos at ayon sa wangis ng Diyos, ito ay maaaring maihugpong sa dibinong buhay—Gen. 1:26.
2. Ang ating pantaong buhay ay kahawig ng dibinong buhay; samakatwid, ang dibinong buhay at ang pantaong buhay ay maaaring maihugpong nang magkasama at mamuhay nang magkasama.

C. Upang tayo ay maihugpong kay Kristo, kailangan Niyang dumaan sa mga proseso ng pagkakatawang tao, pagkapako sa krus, at pagkabuhay na muli upang maging ang Espiritung nagbibigay-buhay—Juan 1:14; 1 Cor. 2:2; 15:45.

D. Tayo ay naihugpong tungo kay Kristo bilang ang puno ng buhay, at ginawa tayo ng paghuhugpong na ito na kaisa Niya—Roma 11:24:

1. Si Kristo at ang mga mananampalataya ay isang puno; Siya ang puno ng ubas, at tayo ang mga sanga—Juan 15:1, 5a, 4a.
2. Si Kristo ay nagiging ating buhay, kalikasan, at persona—Col. 3:4, 10-11; Efe. 3:17a.

E. Bilang mga naisilang na muli na naihugpong tungo kay Kristo, dapat tayong mamuhay ng isang pinaghugpong na buhay, isang buhay kung saan ang dalawang partido ay pinaghugpong upang organikong lumago:
   1. Yamang tayo ay naihugpong tungo kay Kristo, hindi na tayo dapat mabuhay sa pamamagitan ng ating sarili; sa halip, dapat nating pahintulutan ang malahanging Kristo ang mabuhay sa loob natin—Gal. 2:20.
   2. Hindi na tayo dapat mabuhay sa pamamagitan ng ating laman o sa pamamagitan ng ating natural na katauhan; sa halip, dapat tayong mamuhay ng isang pinaghugpong na buhay sa pamamagitan ng pinaghalong espiritu—ang dibinong Espiritung inihalo sa isinilang na muling pantaong espiritu—1 Cor. 6:17; Roma 8:4.

F. Sa pinaghugpong na buhay ay hindi inaalis ang pantaong buhay kundi pinalalakas, pinatataas, at pinagyayaman ng dibinong buhay—Gal. 2:20; 4:19; Efe. 3:16-17a:
   1. Sa pinaghugpong na buhay ay napananatili ng sanga ang mga parehong esensyal na katangian nito subalit pinalalakas, pinatataas, at tinatransporma sa pamamagitan ng pagiging naihugpong tungo sa isang mas mataas na buhay—Juan 15:4-5; Roma 11:17.
   2. Sa pinaghugpong na buhay ay gumagawa sa loob natin ang dibinong buhay upang alisin ang mga negatibong elemento:
      a. Ang dibinong buhay ay gumagawa sa isang dahan-dahang paraan upang alisin ang anumang natural.
      b. Nilalamon ng dibinong buhay ang ating mga depekto at mga kahinaan.
      c. Ang negatibong elemento ng ating disposisyon ay pinapatay, at pagkatapos, sa halip na itapon ang ating disposisyon, pinatataas at ginagamit ito ng Panginoon.
   3. Sa pinaghugpong na buhay ay binubuhay muli ng dibinong buhay ang orihinal na paglikha ng Diyos at pinatataas ang ating mga kakayahan—Juan 11:25; Efe. 4:23:
      a. Habang inaalis ng dibinong buhay ang mga negatibong bagay, gumagawa ito upang buhaying muli ang orihinal na paglikha ng Diyos.
      b. Sa ganitong paraan ang ating mga orihinal na pangsyon—ang mga pangsyon na ibinigay sa atin sa paglikha—ay napanunumbalik, napalalakas, at napatataas—Gal. 2:20.
   4. Sa pinaghugpong na buhay ay nagtutustos ang dibinong buhay ng mga kayamanan ni Kristo sa ating mga panloob na bahagi at tinitigmakan ang ating buong katauhan—Roma 12:2; 8:29-30.

**III. Si Kristo bilang ang puno ng buhay ay ang pagsasakatawan ng Diyos bilang buhay sa atin, at sa pagiging naihugpong tungo kay Kristo, tayo ay organikong naipagkakaisa sa Kanya, at sa gayon tayo ay bahagi ng puno ng buhay—Col. 2:9; Juan 15:1, 4-5:**

A. Hindi lamang natin kinakain si Kristo bilang ang puno ng buhay—tayo ay ipinagkakaisa sa Kanya at tayo ay bahagi Niya—1 Cor. 6:17.

B. Ang puno ng buhay ay para sa pamamahagi ng dibinong buhay tungo sa atin; habang tayo, ang mga sanga, ay nananatili sa puno ng ubas, tinatanggap natin ang pamamahagi ng buhay mula sa puno ng buhay at namumuhay bilang bahagi ng puno ng buhay—Juan 15:5; Roma 8:2, 10, 6, 11; cf. Fil. 4:13.

C. Si Kristo bilang ang puno ng buhay ay para sa dibinong ekonomiya upang ipamahagi ang Kanyang sarili tungo sa atin; bilang mga sanga ng puno ng ubas, tayo ay nananatili sa Kanya, at Siya ay nananatili sa atin.

D. Habang tayo ay nananatili sa puno ng ubas, may isang pamamahagi ng Diyos tungo sa atin, isang pamamahagi ng buhay mula sa puno ng buhay tungo sa mga sanga; ginagawa tayong mga Diyos-tao ng pamamahaging ito—Roma 8:10, 6, 11.

E. Ang manatili sa loob ni Kristo bilang ang puno ng ubas ay ang kunin Siya bilang ating pinananahanang lugar, na siyang ang pinakamataas at pinakapuspos na karanasan sa Diyos; ang manahan sa loob ni Kristo ay ang taglayin ang ating pamumuhay sa loob ni Kristo, kinukuha Siya bilang ating lahat-lahat—Aw. 90:1; 91:1, 9.

F. Kung tayo ay namumuhay bilang bahagi ng puno ng buhay, hindi tayo magbibigay-halaga para sa mabuti at masama kundi para sa buhay, at kikilatisin natin ang mga bagay hindi ayon sa tama at mali kundi ayon sa buhay at kamatayan—Gen. 2:9, 16-17; 2 Cor. 11:3.

*© 2022 Living Stream Ministry*